
dagmang
2021-2022

dagmang

2021-2022

Para kay Ermin Bellen (Ka Moses)
at kay Kevin Castro (Ka Facio)

dag•mang

[1]dapog sa tahanan. init sa lamig ng gabi. liwanag sa dilim. kapanatagan sa mapanglaw na panahon. tanglaw ng pag-asa.

[2]apoy. nagbabagang paglaban. nag-aalab na diwa. naglalagablab na pakikibaka.

NILALAMAN

Pambungad ***12***
Mula sa patnugutan

Dagmang ***15***
Ka Alpha

Sa Ngalan ni Digong ***17***
Ka Lucio Castro

Ang Talinghaga ng Dinusta ***20***
Ka Ling

Patungo sa Masa ***23***
Ka Beray

Liham ni Nanay Elma ***24***

Aming NPA ***25***
Hershey

Sa Pagpitik ng Silo ***29***
Lucio Castro

Kayo Pa ang Terorista? ***33***
Lucio Castro

Sa Pag-Alala sa mga Biktima ng Karahasan ***35***
Kevin Cedrick “Lucio” Castro

Daglian ***40***
Yang Nakpil

Oda sa Ulan ***44***
Astro Guerrero Caballero

Sa Pagdakila sa mga Bayani ***50***
Ka Lucio Castro

Saan Matatagpuan? ***52***
Ka Lucio Castro

Lakas Nila ay Walang-Saysay ***56***
Ka Xinja

Night Musings of a Warrior ***58***
Ka Lucio Castro

Pag-aaral ***61***
Astro Guerrero Caballero

Gawaing Masa ***62***
Astro Guerrero Caballero

PAMBUNGAD

Silbing init at liwanag ang nga tinipong tula, awit at liham sa unos ng rehimeng US-Duterte. Anim na taong hinalihaw ng rehimen ang mamamayang Pilipino sa walang kapantay nitong antas ng kriminalidad at karahasan. Anim na taon din itong tinapatan ng walang-pagod na pakikibaka, pagwawasto at pagpapatatag.

Sa huling taon ng rehimeng US-Duterte, determinadong nakipaggitgitan ang Partido at hukbong bayan para labanan ang iba't ibang atake ng estado sa rebolusyonaryong hanay at sa mamamayan. Hinangad ng pasistang estadong durugin sa wakas ang buong kilusan. Pilit itong naghasik ng takot at pangamba sa isip ng mamamayan at putulin ang ugnayan ng masa at hukbo. Sa halip, pinatibay pa ng mga suliranin ang pagkakaisa ng hukbo at masang pinaglilingkuran nito. Ang ng mga hamon at kagipitan ang patuloy na nagpanday sa mga rebolusyonaryo upang magpunyagi sa landas ng pakikibaka. Ilang ulit na tinakdaan ang hangganan nito, ngunit sa huli, binigo ng rebolusyonaryong kilusan ang imbing pangarap ng rehimeng US-Duterte na tuldukan ang pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa 2022. Paglaban ang itinugon ng sambayanan.

Tunghayan sa mga mapanlabang likhang-kultura sa unang bolyum ng Dagmang ang huling mga taon ng pakikibaka laban sa pasistang rehimen. Sa mga tulang ***Sa Ngalan ni Digong*** at ***Ang Talinhaga ng Dinusta***, kumukulo ang disgusto sa reaksyunaryong pangulo at umiigting na

hangarin para sa pagpapabagsak dito. Nasa ***Patungo sa Masa***, ***liham ni Nanay Elma***, ***Aming NPA*** at ***Sa Pagpitik ng Silo*** ang wagas na pagkakaisa at pagpapahalaga ng masa at hukbo sa isa't isa. Habang kinukundena ang brutalidad ng rehimen, ginugunita at tinatanghal ang mga biktima at bayani sa ***Kayo Pa ang Terorista?*** At sa S***a Pag-Alala sa Mga Biktima ng Karahasan***. Dala ng ***Daglian*** at ***Oda sa Ulan*** ang pagpupunyagi ng hukbong bayan sa harap ng tigreng papel na kaaway at ng mararahas na kalagayan. Iiwan naman ng mga tulang ***Sa Pagdakila sa mga Bayani***, ***Saan Matatagpuan?*** At ***Night Musings of a Warrior*** ang mga kataga para sa pagpapatuloy sa rebolusyonaryong landas, sa armadong pakikibaka, sa harap ng mga kontradiksyon at hamon ng pakikihamok. Ang sining at panitikang ito ng mga rebolusyonaryo mula sa iba't ibang uri, sa iba't ibang larangan, ang magsisilbing testamento sa pagtutol at pakikidigma sa nabigong rehimeng US-Duterte.

Pinasasalamatan ng pamatnugutan ng Dagmang ang lahat ng nag-ambag para sa paglilimbag ng koleksyong ito. Alay ito kay Ka Moses (Ermin Bellen), na nagsaisip ng konsepto ng Dagmang bilang literary folio. Alay din ito kay Ka Facio (Kevin Castro), na isa sa mga kasamang pinaka-pursigido at ubos-kayang nag-ambag upang magmateryalisa ang litfolio na ito. Karamihan ng nilalaman ng unang bolyum na ito ay mga nilikha niya sa huling taon ng kanyang dakilang buhay.

Kunan natin ng lakas at inspirasyon ang init ng mga tinipong likha para sa pagpupunyagi, at gatungan pa natin ang dagmang ng mga mapanlaban pang kwento't pagsasalarawan sa buhay at pakikibaka nating api't pinagsasamantalahan. ***d***

Dagmang
ni Ka Alpha

Sa umpisa, kailangang magyasyas
ng tuyong kahoy na pampadingas,
ng sa gayon ay magtuloy ang apoy
upang mga pagal na katawan ay mabigyan ng kaginhawaan

Ilang ulit mang makaramdam ng panlalamig
Init na hatid nito'y nagpapaalab ng damdamin
Handang sumabak muli sa gawain,
na sa pakikihamok ay kailangang yakapin.

Kahit saan, 'di mawawala ang mga kahoy
na sumasalamim sa mga masang nananaghoy
sa mga karaingan at karahasan
sa kamay ng kaaway, kanilang nararanasan.

Kaya hamon sa hukbo, paano maigugupo

dilim ng gabi ay pagliwanagin,

tipunin ang kahoy at saka pagliyabin.

Gaya ng masang dapat pagkaisahin.

Init sa puso’y pag alabin,

huwag bigyang puwang, kaaway, puminsala sa atin.

Tulad ng dagmang na magiging liwanag sa dilim,

magpapanatili ng diwang palaban sa kabila ng

kahirapang dinaranas natin.

Sa Ngalan ni Digong

ni Lucio Castro

Digong, o Digong!
Ngalan mo'y dumadagundong!
Sa iyong pag-usbong,
kaming lahat ay nakulong!
Paglaya nami'y sinuplong
sa mga imperyalista'y sinumbong.
Sa mura mong malulutong
si Juan ay nalulong.
Sa bawat pagbulong
at paghingi ng datung
ng bayaran mong mga ulupong,
ika'y hilong-talilong,
tila lasing na galunggong.
ang madungis mong bukong-bukong
pinahahalik mo sa iyong lupong
todo-bigay naman sa pagsulong

ng iyong adhikaing paurong.
Pati baga mga mahistradong
sa trono'y ikaw ang nagpatong,
Aba! Ngayo'y tila asong
naglalaway sa limpak mong pasalubong.
Sa ilalim ng iyong ilong
mga alipores mo'y nanggagatong
sa kahirapan ng mga taong
sa init ay natututong.
Sa tuwing kayo ay nagpupulong
ng barkada mong mangongotong -
aba hangal! - ang pulutong
ng kulto mo'y umaalulong!
Umiikot na parang gulong
ang gala mong mga mokong
(ang katiwala na si Bong
at ang anak na si Pulong)
na sanggang-dikit at iyong katulong
para kaban ng baya'y maidugtong
sa yaman mong nakatalukbong.

Digong, o Digong!
Kami'y sa iyo nakalambong
gamit ang taglay naming dunong.
Aba! Amin na ngang isusulong
na ikaw ay lubusang maitungtong
sa isang napakalaking lusong:
ang magsasaka't manggagawa'y magtutulong
na mawakasan ang iyong pagyabong
hindi ka nila ikakanlong
babayuhin ka pa nang pinong-pino
hanggang maglaho ang iyong ugong
at maging isa ka na lang tanong
sa alaala ng kahapon.

Ang Talinhaga ng Dinusta

ni Ka Ling

Nakakatakas ang gata kahit nakatakip ang kaserola.

Aalpas ang masa kapag lalong inalisan ng laya.

Ang mga higit na ginipit ay maghihimagsik.

Ang mga higit na sinupil ay kakawala sa pagkaalipin.

Mas tumutulin ang takbo ng kabayo

Sa lalong paghagupit at pagsipa ng kanyang amo.

Sa mga nakaranas ng sakit, ng pagmamalupit

Ang pag-asam nila sa katarungan ay mas mabilis at mabagsik!

Hindi titila ang ulan para sa atin.

Hindi kusang babagsak ang mga sakim.

Kailangang may gawin.

Hindi bato ang lalapit sa suso.

At hindi darating ang tagumpay kung hindi seryoso.

Panahon nang tumayo,

kumilos at umakto.

Mas tumatamis ang anumang inasukalan

kung bago nito'y iinom muna ng mapait na tsaa.

Mas tumatamis ang katarungan

sa panlasa ng masang pinagkaitan ng hustisya.

At mas masakit ang pagkahulog

kung magmumula sa mas mataas na gusali

Gayundin ito sa pagbulusok

ng halimaw na si Duterte.

Anumang taas at tayog ng itinayong palasyo,

kung ang kinatitirikan nito'y buhaghag at ampaw

sa pagdating ng sigwa ng rebolusyon, tiyak guguho

ang rehimeng ampaw at pabaya sa kanyang

mamamayan.

Kapag napatay mo ang kahit isang pisukan,

tiyak dudumugin ka ng kanyang kasamahan.

Ang masang maliliit man sa mata ni Duterte

kapag armado ng galit mula sa mga kinitil na kauri

ay katatakutang tiyak ng mga naghahari.

Tumakbo ka ma'y aabutin ng panusok,

magtago man kung saang sulok

hindi ka maliligtas sa dudumog na poot

kahit na ikaw na tinatawag ang sariling Diyos

ay tiyak na gagapangin ng nginig at hilakbot --

mula ulo hanggang paa.

Wala kang magagawa.

Tipunin man ang iyong naglalakihang armadong tropa

sa maliliit na pisukan sila'y kaawa-awa.

At lahat kayo'y tatawanan ng kasaysayan

dahil katulad ng diktador-pasistang si Marcos

ibabagsak ka lang din ng taumbayan

kasama ng kasalanan mong walang makatutubos.

Patungo sa Masa

ni Ka Beray

Sa bawat paglalakbay, paghinto, paghimpil
maraming natutunan bago ang paghimbing
ang bigat ng dala ay kaya-kayang tiisin
madulas man sa bato, ako'y babangon pa rin.

Ang daang matinik ay ating hahawanin
upang makamit sadya nating layunin
ating mapaglingkuran ang masang inaapi
para maturuan silang lumaban sa karapatan nilang angkin.

Anumang haba ng sapa ay ating babagtasin
matayog na tatahakin matatarik na bulubundukin
mahaba man ang tabing-dagat ito'y ating babaybayin
para ang masang magigiting ay ating makapiling.

Liham para sa mga kasama

Kaibigan, Kasama, Kapatid, Kapamilya

Maraming salamat sa inyong mga tulong. Hindi namin matatawaran at higit hindi malilimutan. Maraming salamat sa pakikinig sa aming kwento Namimis na namin kayo. Saanman kayo naroroon mag-ingat kayo. Gustuhin man naming sabihing dito na lang kayo para magkakasama tayo, alam din naming hindi pwede dahil may iba't ibang gawain pa kayo. Magkaganunpaman hindi namin kayo makakalimutan mga kasama. Ang mga masa niyo ay nandito lang maghihintay sa muling pagbabalik niyo at handang tumulong sa inyo sa abot ng makakaya. Mananatili kaming kaibigan, kapamilya, kapatid at kapanalig.

Mama Elma

Aming NPA *(adaptasyon ng Diwata Abra ft. Chito Miranda)*

Ka Shelland

Chorus:

Kapag andyan ang hukbo, masa sa baryo ay tumutungo

'Di dapat kayo ginugusto sabi ng sundalo

Anuman ang sabihin nila, 'di kami naniniwala

Pagkat kayo lang ang minamahal namin na NPA

Bridge:

Ahh... (4x)

(Aming NPA) Kayo'y aming tagapagtanggol

Kapag mga sundalo, kami'y pilit na kinukulong

(Mga sundalo) Tamang hinala sa masang nakikita

Sasabihing NPA at sila ay mangungulata

('langhiyang sundalo) Sila ma'y katapat bagamat pinagbabawalan

Ipaglalaban sapagkat kayo lang ang minamahal namin na NPA ahhh... (4x)

Rap:

Naaalala ko pa ‘nung una kayong makausap, nagmumulat

Gustung-gusto kayo, kausapin, makilala subalit may kaba kasi baka panggap lang

Sundalo, amin nang napatunayan, karapat-dapat na kami ay magtiwala

Sa isang hukbo na hin’di terorista, kesa sa mga sundalong berdugo’t pasista

“ED tayo, oo, kayo at kami, tatalakayin natin ang iba’t ibang isyu rito

Tugmang sabihing magsasaka ay walang lupa, kasi uso pa rin ang porsyentuhan at hatian

Kung sa bagay, pansariling interes lang ng iilan ang mahalaga at pinoprotektahan

Aminin niyo man o hindi kapag NPA andyan, pasimple na ngumingiti sana sila’y dumaan

(Repeat Chorus at Bridge)

Rap:

Hanggang sa dumaan kayo uli at unti-unting nakikilala munti

Nanggagamot sa mga magsasaka, ah, naglakas-

loob ah, doon na pumila ah

Daming pumipila daig pang MRT, buti pa sa NPA, libreng ginagamot kami

Tumutulong, rin ang mga NPA, sa gawaing produksyon, sa bukirin ng masa,

Salamat sa NPA, susubukang ayusin,

Ng mga kasama, away sa pagitan ng masa

Lahat ng ito'y ginagawa ng hukbo sa masa na, walang hinihinging kapalit oh

Di nagsasawang mahalin, oh, kayo ang laging nais makapiling

Hindi mga sundalo kundi Bagong Hukbong Bayan, magigiting

Artikulado't matitikas, mapangahas

Samahan ang NPA, sabay-sabay tayong magrebolusyon

(Repeat Chorus)

Noong makita kayo, 'di makapaniwala, sa taglay niyong husay

Napahanga rin ako pero bakit ganito, bakit naaagit, sinasabi ko na nga

Naaakit akong sumama, napupukaw sa ginagawa

ng mga kasama

Kaya ngayon alam ko na kung bat maraming gustong sumama, mahihikayat ka ring sumama sa hukbo

(Repeat Chorus and Bridge)

Sa Pagpitik ng Silo

ni L. Castro

Sumalubong sa akin ang katatabas lamang na sukal

na para bang binabanggit na dito ay may napadaan.

Walang imik, dinala ako ng mga sangang wala nang buhay

sa kapapaldas lamang na lagusan ng aking kaaway,

kasabay nito ang pagrereklamo ng mga bato na sila'y dinampian

ng madudungis na pigi ng kamoplaheng kinasusuklaman.

Sa isang sulok ng kakapalan ng kahoy at uway,

naghuhuntahan ang mga kulasisi't kalaw

kung paano niransak ng mga kombat ang mga katmong naghihintay

na mapulot at mapakinabangan ng sikmurang kumakalam.

Bilang pasalubong ng mga dayong hindi naman inimbitahan,

itinambak ang mga kalat na sinalo ng lupang ngumangawngaw -

balat ng masarap na tsokolate ang sa patag ay humandusay

habang nakapakat ang balat ng biskwit na mumurahin sa palanasan.

Hindi ako gumawa ng kahit ni anumang galaw.

Dumampi man ang hamog na sa aki'y nagpaginaw,

itinabi ko na muna ang mga tikhim sa aking lalamunan.

Kapiling ko ang malalagong damo at pandan-pandanan

nang pansamantala muna akong nanahan

sa tabi ng kahoy-dalaga't rambutan,

sapat nang kublihan kapag ako ay napuna ng aking sinusubaybayan.

Hindi nalimutan ng hangin ang aming kasunduan:

magdadala siya ng balita sa kanyang pagdalaw.

Nang humampas ang kanyang ipinadalang kawal,

bitbit nga nito ang isang pamilyar na alingasaw -

amoy ng yosing bago lamang na nabuhay.

Sa paghithit at pagbuga ng bagang pinapatay,

para bang hari ang apoy na sa aki'y kumakaway

at tila nagsasabing "sa iyo ko na siya ihahabilin, kaibigan."

Habang paubos ang upos na pinagkakaabalahan,

naghambugan pa ang mga kaawa-awang

(subalit walang awang) kawal:

ipinagmalaki kung ilan ang nasindak na mga mag-uuway,

ipinagyabang kung ilang katutubo ang hinimatay,

ibinida pa kung ilang pananim ang kanilang sadyang inapakan.

Ikinubli ng lagaslas ng sapa ang aking naramdaman

na galit sa mga berdugong walang ibang alam

kundi abalahin ang magsasakang ang nais lang ay mabuhay.

Saksi ang nakapaligid na gulod sa kahayupang pinagkuwentuhan

ng mga ‘bayaning’ bayaran ng rehimeng walang dangal.

Sapat na ang lahat ng narinig, naamoy, at nasaksihan

para aking senyasan na maghanda ang hukbong bayan.

Hindi man kasama sa pagpapataw ng katarungan,

naiambag ko sa mga kasama ang aking kasanayan

na dati sa siluan at bitagan ko lang nailaan.

Ako’y umalis muna, sa mga kasama’y nagpaalam,

pabalik sa aming tirahan

para ibalita sa baseng matibay

ang nakaambang tagumpay

ng Bagong Hukbong Bayan.

Kayo Pa ang Terorista?

ni Kevin Cedrick “Lucio” Castro

kayong inilulubog sa kumunoy ng kahirapan
nag-aalburuto na ang sikmura dulot ng kagutuman
ang iniinom ay latak na tira ng mayayaman
pinipilit ng sistemang yakapin ang kasalatan
kayo na nga ang kinakawawa
kayo pa ang terorista?

kayong naghahangad lamang ng magandang kinabukasan
minumutawi sa labi ang kabuluhan ng kalayaan
ibinabandera sa lansangan ang batayang karapatan
isinusulong ang kapakanan ng aping sambayanan
kayo na nga ang puno ng pag-asa
kayo pa ang terorista?

kayong kumakalinga sa pinagsasamantalahan
mga magsasaka’y tinatanggap sa loob ng tahanan
mga katutubo’y kinakanlong ng buong pamantasan
mga manggagawa’y sinasamahan sa piketlayn ng paglaban
kayo na nga ang umaaruga
kayo pa ang terorista?

kayong pinatitikim ng latay ng karahasan
tinotortyur habang pinagtatawanan ng estadong kawatan
dinaranas ang impyerno sa kamay ng kasundaluhan
hinuhukayan na ng berdugo ng sa iyo'y paglilibingan
kayo na nga ang pinapatay
kayo pa ang terorista?

kayong ang buhay na nagisnan ay maluwag na tinalikdan
nagpunyaging maging gerilyang binabaka ang kamatayan
naghaharing-uri'y kinatakutan ang sandatang hinawakan
na yayanig sa kaharian ng tiranikong kinasusuklaman
kayo ay 'di pangkaraniwan
sa mata ng masa, kayo'y hindi terorista!

Sa Pag-alala sa mga Biktima ng Karahasan

ni L. Castro

walang pinatay nang walang dahilan

sapat na'ng batayan ang ginamit sa pagpatay

upang malaman ang sirkumstansya ng karahasan

bakit sinaksak nang makailang ulit ang sa biktimang likuran?

bakit pinaputukan kahit hindi naman nanlaban?

sinong nasa likod ng karumal-dumal na pagpaslang?

sa higit pang pagsisiyasat, kusa nang lilitaw

ang kalagayang kinainugan ng bawat kasalanan

ang sinaksak ay aktibistang kagagaling lamang sa lansangan

ang binaril ay magsasakang habang nagbubungkal ay tinambangan

binayaran ang mga goons ng panginoong maylupang nangangamkam

sa naisiwalat na katotohanan

tatambad sa madla ang balitang

sa kultura ng impyunidad ang naghaharing-uri’y
nakasandal

walang pinatay nang hindi pinagluksaan

laksa-laksang luha ang tumulo sa mata ng
nagmamahal

kahit na ang hindi nakakakilala’y nagpapaabot ng
simpatyang

pumapanig sa panawagang managot ang
nasasakdal

subalit sa likod ng pagtangis ng sambayanan

ang mababangis na berdugo ay naghahalakhakan

nakangising binabantayan ang tropeyong bangkay

paiikut-ikutin ang pagod ng kapamilyang

naghahangad lamang ng burol na marangal

bababuyin pa ang binulok na nilang katawan

para lamang walang-awang pagkakitaan

nang makabili ng alak at pulutan

na papatusin habang pinag-uusapan

kung sino ang sunod na paglalamayan

walang pinatay na kinalimutan ng kasaysayan

nagmartsa ang sanlaksang nakiramay sa lansangan

binitbit sa liwasan ang larawan ng bumuwal

sinariwa ng bawat silid-aralan ang kanyang buhay at kamatayan

sa poot at galit ng mamamayan

dinala ng mga magsasaka ang karit na pinatalas ng paglaban

pinahinto ng mga manggagawa ang trabaho sa pagawaan

humugos sa Mendiola ang paggiit na pagbayaran

ng mga hayop na pasista ang ginawa nilang kasalanan

walang pinatay na hindi nanawagan ng katarungan

ang bawat araw na dumadaan

ay paulit-ulit na binibilang

ang lumilipas na mga buwan

ay tanda ng kawalan

ng hustisya sa sistemang

pinaghaharian ng iilan

patuloy na mananawagan

patuloy na magtitimpi

patuloy na magluluksa

patuloy na makikibaka

walang pinatay na ang kapayapaan ay katahimikan

hindi naging mapayapa ang kaluluwang

hindi nakuha ang kabayaran

mula sa kriminal

na hindi man lang pinagsisihan

ang ginawang kasalanan

mga demonyo lamang ang nakararamdam ng kapayapaan

sa gitna ng katahimikan ng patung-patong na libingan

makakamit lamang ang kapayapaan sa pag-iingay

sa pagbulyaw sa pumatay

sa pagsingil sa pumaslang

sa pagdanak ng dugo na inutang

magiging mapayapa lamang
ang biktima ng karahasan
sa pagbagsak ng sistemang
pinahihintulutan
ang pagkitil nang walang-pakundangan
sa pagtatagumpay lamang ng digmang bayan
makakamit ng mga martir ng himagsikan
ang buhay na walang hanggan
ang tunay na kapayapaan

Dagli

ni Yang Nakpil

Maalinsangan ang panahon noong tanghaling iyon. Tumatagaktak ang aking pawis. Kay sarap lumangoy sa ilog sa ganitong oras! Kaso, naglalakbay kami para sa pinaplano naming TO.

Nasanay na ako sa pagiging vanguard sa paglalakad--nagmamasid, alerto at matalas ang pandama, tinitiyak ang paroroonan para sa buong yunit. Handang unang mapalaban, handang makauna sa paglaban.

Regular na daan ang aming binabagtas. Sa kanan ko, tanaw ko ang ilog. Sa kaliwa, may daan na tatagpo sa binabagtas namin. Dahan-dahan akong umaabante dahil natatagalan ang kasunod ko. Sumulyap muli ako sa kanan. Natakpan na ng mga bato ang tanaw sanang ilog. Tumingin ako sa kaliwa. Biglang nakuha ng pansin ko ang mga taong papalapit.

Chino ang suot nila, mga naka-kawa at naka-bota. Inuusisa ko ang mga mukhang nagmimistulang mga kasama, ngunit wala akong makilala. Hinanda ko ang daliri ko sa gatilyo. Isa, dalawa, tatlo--bilang

ko sa mga nagpapanggap na didire-diretsong dumadaan sa kalsada. Walang muwang sa aking presensya. Sumunod ang ikaapat na elemento nila at saka lamang ako napansin.

“Ngeeh, kalaban!”, nanginginig niyang sinabi.

Daglian niyang yinapos ang malaking bato sa tabi ng daan, tarantang kumubli habang nakalitaw ang mga brasong tangan ang kanyang baril. Naglingunan ang tatlong naunang elemento sa kanya.

PANG! PANG! PANG!

Nagtakbuhan sila sa magkabilang direksyon nang mamutok ako.

“Kaaway!”, pasa ko sa mga kasama sa likod.

Tssss... BOOM!

Mabilis na nakatugon ang mga kasama para labanan ang kaaway.

Kinse minutos bago sumagot ng putok ang kaaway. Nakalayo na kami sa panahon iyon, mabilis pero maingat na nagmamaniobra sa palayan ng kalapit na masa, ligtas at walang ni anumang pinsala.

--

Hingal na hingal kami mula sa engkwentro, pero sa wakas, nakarating din kami sa mayor na gulod. Umupo kami upang magpahinga.

Pinakatitingnan ko ang katapat naming pastuhan. Tila may gumagalaw sa kugunan. Makalipas ang ilang saglit, naglitawan ang mga ulong pangit! Nagtipon sila kadikit ng isang malaking puno, wari'y sinasaayos ang kanilang briefing.

Pinarating ko sa aming iskwad lider ang nakita ko. 'Di namin pinalagpas ang pagkakataon--pagkatapos ng ilang palitan at sa kumand ng aming iskwad lider, walang pag-aatubili kaming pumusisyon sa gulod.

RATATATAT!
Nagulantang ang kaaway ang paulanan namin sila ng bala. Nagsitakbuhan sila, nagkalat! Hindi na sila makaganti ng putok. Sa sobrang pagkakataranta pa'y parang mga bolang naggulungan ang kaaway pababa ng burol at patungo sa sapa!

"Atras na!", kumand ng aming iskwad lider.

Sunod-sunod nang bumaba ang mga kasama ko mula sa aming kinatatayuan. 'Di ko na napigilang

humalakhak nang sumulyap ako sa huling sandali at nakita ang kaguluhan ng reaksyunaryong sandatahang pwersa.

Sa pagsagpang namin sa gintong pagkakataong iyon, matagumpay naming nasindak ang pasistang 80th IB na mahigit isang taon nang naninibasib sa Rizal. Nagtamo ang mga ito ng kaswalti, habang ligtas na nakaatras ang aming yunit.

Sadyang ang tapang ng kaaway ay kaya lang nitong ipakita sa mamamayang walang kalaban-laban, ngunit tigreng papel itong tumitiklop sa harap ng Bagong Hukbong Bayan.

Aksyong militar sa Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal noong Agosto 2020 sa kwento nina Ka Akon at Ka Romnick "Ka Fighter" Gardose

Oda sa Ulan

ni Astro Guerrero Caballero

Dito sa aming erya
lagi na lang umuulan
wala na ata sa damit ko ang tuyo
at aabot na ang putik sa gilagid ko

Ngunit magkagayon pa man,
ang ilang saglit ng ‘di matapos-tapos na ulan
ay aking ilalaan
para gawan ito ng tula

Ehem, ehem

Dumaplis ang ilang patak ng ulan
sa pisngi kong
minsan na lamang makadama ng pagsuyo
at sa pagdulas nito

sa balat ko
dahan-dahan
dahan-dahan
aking napansin
ang ‘di mabilang-bilang
na pag-apaw ng ulan
sa paligid ko

Ano nga ba ang ulan?
Ang ulan ay pagbagsak ng tubig mula sa langit.
Ang magbago ang hamog tungong alapaap
mula sa alinsangan sa ibabaw ng dagat
at alapaap tungong patak ng tubig
ay pilit sa utak kong sumagit

Ngunit ang ulan sa pakiramdam ko
ay ‘di magkawangis ng panlabas nitong anyo

Dahil ang ulan ay kamoplahe
Kinukubli nito ang mandirigmang nagmamartsa

Sa landas ng sakripisyo’t pagpapakasakit

na sa gitna ng delubyo’y nangangarap na sa wakas ay sumangit

hindi lamang iyon

nakikibaka upang mangyari ngang magkagayon

Ang ulan ay sandata

Lakas itong sumasanib

sa kapursigihan at sining

ng pwersang lulupig

sa mga manlulupig

na sa paglusob ng mga berdugo

sa bawat purok at baryo

ay parang duming lilinisin

sa lupang binubuliglig

ng mga mandaragit

at sa pagpanaw nilang alipores

ay wala man lamang sa kanilang alaalang mababanggit

Dahil sa pag-apaw ng tubig
na buhos ng ulan
tiyak na tatangayin ang mga pwersa ng gahaman
upang mabilis na lamunin
sa kamatayang singbigat ng balahibo
ang mga yaong nagkamaling
pumanig sa kampo ng demonyo

Ang ulan ay himagsikan
Pagbabalikwas ito hindi lang ng langit
kundi maging ng lupang kinakamkam
lupang dinanakan
ng dugo ng aping mamamayan
lupang bulwagan
ng mga kwento ng kalungkutan
at dahil doon,
inaantig ang puso ng buong mundo

Pananaghoy ang tunay na pagbabago
himagsikan ito lalong higit

dahil pagkilos ito
‘di lamang ng iilang patak ng luha
kundi pagkakaisa ng ‘di mabilang-bilang
ng masang patak ng ulan
nagsasama-sama upang bahain ang lupa
nang mula sa kanayunan
kubkubin ang kalunsuran!
Kalunsurang kinalulуklukan
ng madilim na kapangyarihang
lumalapastangan sa inang kalikasan

Kaya pagmasdan ang dahan-dahang pag-hulog ng ambon
Unti-unti itong bubugso upang maging bagyo
Sa paglingat mo’y nilamon ka na pala
ng maugong nitong pagsasagasa

Subalit pagkatapos
paglipas ng unos
tunghayan naman ang banaag
ng paghumpay nito

May mas maaliwalas pa ba
sa unang sikat ng araw
sa wakas ng siphayo?

Sa pagtila ng ulan
at pagwawakas ng tulang itong laan
mungkahi kong tanawin natin
ang dulo ng ating hangarin

Sa pagdaplia ng ulan o kaya ma'y luha ng pagtangis
dahan-dahan,
dahan-dahan
silipin mo ang langit, kasama!
At alalahaning kasunod ng ulan ay pagsangit!*

**pagsangit - mainit na pagsikat ng araw*

Sa pagdakila sa mga bayani

ni L. Castro

Lalong nagliwanag sa pagsapit ng dilim,

kahit na lumukob ang ulap na nagngangalit,

ang talang pinatingkad ng limang dekadang pag-iral.

Sinubok na ng panahon,

binaka ang mararahas na pagkakataon,

subalit walang nakapiit sa lalo pang pagningning.

Tinuwangan pa ang pagdiklap ng mga bagong sibol na bituin

na nagsisilbing tanglaw sa laot at kabundukan.

Hindi naibuwal ng lindol ang matayog na narra

na malalim ang pundasyon ng matitibay na ugat.

Sa piling ng lupa, lalo pa itong tumatayog -

mga sangang malalago ay hindi man lang masira ng bagyo;

malagas man ang mga dahon ay tiyak pa rin ang pagsibol -

sa ilalim ng lilim ng punongkahoy ay malihim

na makatatagpo ng pahingahan ang hapong magsasaka.

Kawangis ng tala, kaparis ng narra,

hindi mabubuwal at malulukuban

ng mga terorista at tirano

ang tunay na lingkod ng api't dinudusta.

Sa pagpaslang sa mga lumalaban,

tiniyak lamang ng kaaway na lalo pang mabubuhay

ang pagnanais ng taumbayan

na himagsika'y magtagumpay.

Sa lalong pag-igting ng makatarungang digmaan,

tala sa ating gumagabay,

narra na ating kalasag,

ang alaala't inspirasyon

ng mga dakilang martir ng rebolusyon.

Para kay Jorge 'Ka Oris' Madlos at ang iba pang bayani ng sambayanang Pilipino

Saan Matatagpuan?

ni L. Castro

wala sa kapitolyo
ang matatapat na lingkod-bayan -
sila ay nasa kasuluk-sulukan ng kalunsuran:
nagmumulat sa kamalayan ng mga maralita,
nag-oorganisa sa hanay ng mga aktibista,
nagpapakilos upang maipaglaban
ang karapatan ng karamihan.

wala sa senado o kongreso
ang nararapat na lumikha ng batas -
sila ay nasa kanayunan:
madungis ang kamay sa pagbubungkal
ng lupang sa kanila ay inaagaw.
hindi panulat ang tangan ng kanilang kamay,
sapagkat karit at araro ang kanilang hawak
para linangin ang sakahang
magpapakain sa sambayanan.

swala sa Korte Suprema
ang tunay na mahitrado at husgado -
sila ay nasa mga baryo
ng mga dukha't mahihirap:
habang hinahanap ang katarungan
sa kabuktutan ng lipunan,
kanilang ipapataw ang hustisya
na magtitiyak na mapagbayaran
ng mga berdugo't mapagsamantala
ang lahat ng kanilang kasalanan.

wala sa Malakanyang
ang tunay na pinuno ng bayan -
sila ay nasa pabrika
iniaalay ang lakas at sarili
sa kapakanan ng mamamayan.
sa kanilang bisig naitatayo ang mga gusali,
sa kanilang palad dumadaan ang lahat ng nililikha.
sa ngalan ng kapital, sila ma'y inaabuso ng iilan,

darating ang oras na kanilang tutubusin
ang yaman na dapat ay sa lahat.

wala sa eleksyon
ang tunay na pagbabago -
ito ay kipkip ng rebolusyon:
tinataglay ng bawat pulang bandilang
iwinawagayway para ipakita
ang lakas ng pagkakaisa
ng lahat ng inaapi't dinudusta;
binibitbit ng bawat apoy ng gaserang
inililiyab ang apoy para gabayan
ang pagpapalitan ng mga kuru-kuro
nang maagaw ang inisyatiba sa labanan;
tinataglay ng bawat punglong
aagaw ng kapangyarihan
mula sa mga ganid at sakim
at ipagkakaloob ito
sa nararapat na tumamo nito -
ang uring proletaryado,

sa gabay at pamumuno
ng kanilang dakilang Partido.

Lakas Nila ay Walang Saysay

ni Ka Xinja

Eroplano, helicopter, bomba, kanyon, drone

Malalakas na armas

At bombang ilang libra

Bagong kagamitan nila sa pandarahas

Ngunit walang silbi ang atake sa ating paglaban

Kahit pa may sapat at malalakas silang sandata

Kung kinakalaban naman nila'y

Masang dapat nilang paglingkuran

Hindi sapat kahit daang milyong sundalong abusado

Na protektor ng mayayamang tao't pinagsisilbiha'y reaksyunaryo

Para durugin ang rebolusyonaryong hukbo

Na minamahal ng laksa-laksang tao

Sapagkat sa porsyentuhan

Ang naghahari ay iisa lamang sa lipunan

At higit na nakararami ang siyamnapu't siyam

Na kanilang pinagsasamantalahan

Sa pagkakabuklod nito, hanip lamang ang iisang porsyento

Kayang-kayang tirisin

Kapangyarihan ng naghahari'y aagawin

At iluluklok ang demokratikong gubyerno natin

At sa araw ding iyon maipapamalas:

Mamamayan ang mapagpasya

At higit na malakas ang aping nagkakaisa

Kaysa pa sa makabago nilang armas

Ating higanteng pwersa

'di kailanman madudurog

Ng mga reaksyunaryo't berdugo

Dahil sadyang hindi mga bagay ang mapagpasya.

Night Musings of a Warrior

by L. Castro

as the sun started to set
the warrior bears the weight
of hardships and difficulties
set by people's enemies

during the verge of twilight
the warrior shows his might
as oppressor smashed its fist
while spawning a horrendous beast

on the midst of dusk
the warrior basks
at the fiery blames
caused by tyrant's claims

when the gloaming came
the warrior ignites the flame
to which the oppressed exult
beckoning the need to revolt

as the eve started to fall
the warrior stands still
steadfast and determined
on thriving ‘til the end

during the spread of darkness
the warrior might cease
but the will to keep his stance
will be fortified by the people’s resistance

on the middle of the night
the warrior persists with his right
to forward what is just
while living the lessons of the past

when the day starts to break

the warrior is at his peak to make

a future deemed by the weary

as the dawn of the proletariat's victory

Written in the middle of the night, while pondering on the unceasing determination of the Red Fighters of the New People's Army to continue the protracted people's war despite the numerous attempts of the current Duterte regime to extinguish the people's will to revolt.



Gawaing Masa
Pen & ink
Astro Guerrero Caballero



Pag-aaral
Pen & ink
Astro Guerrero Caballero

ARMAS - Rizal